

WORD

¹⁸Habang naglalakad si Jesus sa tabi ng Lawa ng Galilea, nakita niya ang magkapatid na mangingisdang sina Simon (na tinatawag na Pedro) at Andres. Naghahagis sila ng lambat. ¹⁹Sinabi ni Jesus sa kanila, “Sumunod kayo sa akin at gagawin ko kayong mangingisda ng mga tao. ²⁰Iniwan nila agad ang kanilang mga lambat at sumunod sa kanya. ²¹At habang patuloy si Jesus sa paglalakad, nakita pa niya ang magkapatid na sina Santiago at Juan, na mga anak ni Zebedee. Nakaupo sila sa bangka kasama ng kanilang ama at nag-aayos ng lambat. Tinawag din ni Jesus ang magkapatid. ²²Iniwan nila agad ang bangka at ang kanilang ama, at sumunod kay Jesus. **MATEO 4:18-22**

May plano si Jesus na baguhin ang mundo, at ginawa Niya ito sa pamamagitan ng pagdidisipulo. Tinawag Niya si Pedro at Andres sa Kanyang sarili, at ang kanilang pagtugon ay agad-agad at ganap. Higit na nagbago ang kanilang mga buhay pagkatapos nilang marinig at tumugon sa tawag ni Jesus. Ibinibigay din ni Jesus ang kaparehong tawag sa atin ngayon, at bilang Kanyang mga tagasunod, tinatawag tayong maglingkod sa kapwa. Sa aralin na ito, hihimayin natin ang tawag ni Jesus na magdisipulo sa Mateo 4:19.

1 Huwag ka lang tumayo diyan; sumama ka.

*Sinabi ni Jesus sa kanila, “Sumunod kayo sa akin at gagawin ko kayong mangingisda ng mga tao.” **MATEO 4:19***

Sapat na sa karamihan ang makita si Jesus sa malayuan, ngunit gusto ni Jesus na mas lumapit pa tayo sa Kanya. Gusto Niyang lumapit tayo sa Kanya, na makilala Siya at maranasan Siya, at mabago Niya tayo. Tinatawag din Niya ang lahat ng pagod at nabibigatan papalapit sa Kanya (Mateo 11:28-30). Kapag tunay tayong lumapit sa Kanya at nakatagpo Niya, hindi na tayo magiging tulad ng dati—tulad ni Pedro at Andres. Papaano ka tinawag ni Jesus at papaano ka tumugon sa Kanyang paanyaya?

.....

.....

.....

.....

.....

2 Huwag ka lang sumama; sumunod ka.

*Pagkatapos, sinabi ni Jesus sa mga tagasunod niya, “Ang sinumang gustong sumunod sa akin ay hindi dapat inuuna ang sarili. At dapat handa siyang humarap kahit sa kamatayan alang-alang sa pagsunod niya sa akin.” **MATEO 16:24***

*Kaya nga, tularan ninyo ako, dahil tinutularan ko rin si Kristo. **1 CORINTO 11:1***

Ang makilala ang Diyos ay pangunahing hakbang. Ang pagsunod sa Kanya ang kasunod. Hindi lamang tayo pupunta sa simbahan o makikinig tungkol sa Diyos—kailangan nating isantabi ang mga plano at buhay natin upang paglingkuran at sundin Siya. Ano ang ibig sabihin ng “pagsunod” sa isang tao? Bakit natin kailangang sumunod sa mga sumusunod sa Diyos?

.....

.....

.....

.....

3 Huwag ka lang sumunod; mangisda ka.

*“Sinabi ni Jesus sa kanila, “Sumunod kayo sa akin at gagawin ko kayong mangingisda ng mga tao.” **MATEO 4:19***

*“Kaya puntahan ninyo ang mga tao sa lahat ng bansa at gawin ninyo silang mga tagasunod ko. Bautismuhan ninyo sila sa pangalan ng Ama at ng Anak at ng Banal na Espiritu.” **MATEO 28:19***

Ang sinabi ni Jesus sa Kanyang mga disipulo nang una Niya silang tinawag at bago Siya pumaitaas sa langit ay pareho lang—na mangisda sila ng mga tao at magdisipulo. Ang ating naranasan at naintindihan tungkol sa Diyos ay hindi dapat tumitigil sa atin—kailangan din nating ibahagi ito sa iba. Bakit hindi kumpleto ang pagsunod lamang kay Jesus at walang kasamang pangigisda para sa tao? Papaano ka naging isang mangingisda ng tao?

.....

.....

.....

.....